

Kiss Me In My
Sleep

1

Panglao, Bohol Island...

Nagising si Lauren Sarmiento mula sa isang masamang panaginip. Niyakap niya ang sarili sa lamig na nadama. Mainit ang panahon pero ang lamig ay nasa loob ng kanyang katawan. Napansin niyang basa ang kanyang suot na nightgown at nanginginig ang buo niyang katawan.

Ilang beses na niyang napanaginipan ang isang lalaki na may tulak na baby stroller. Nakamasid lang siya sa mga ito na tila nagbabantay. Pero hindi niya kilala ang mga ito. Isa pa, malabo ang mga mukha ng mga ito katulad ng mga panaginip. Sa una ay narinig niya ang tawanan ng mga tao sa paligid at musika. Para iyong eksena sa isang shopping mall sa Manila, pagkatapos ay nagkaroon ng isang malakas na pagsabog. Sa parteng iyon siya magigising na puno ng takot.

Tumayo si Lauren mula sa kama. Madaling-araw na. Mula sa bintana ay tanaw niya ang pagsikat ng araw sa karagatan. She had the best view in the whole house, an artist's dream. Kapag ganitong nase-stress siya ay titingin lang siya sa magandang tanawin at

makakalma na siya.

Nahahati sa dalawa ang kanyang kuwarto; the half was for her bedroom where she had her own toilet and bathroom, the other half was her studio where she spent time painting. Her room had big windows where she could see the beautiful view of the blue ocean. Mayroon ding sliding door ang silid papunta sa balkonahe kung saan uupo lang siya kapag naghahanap ng inspirasyon sa susunod na obra.

Nag-shower ang dalaga at nagbihis. Hindi na rin siya makakatulog kaya minabuti niyang magtrabaho habang tahimik pa ang buong paligid.

She uncovered her latest work; it was a painting of a man. Nakatalikod ito sa kanya at nakabalabal lang ng tuwalya sa baywang. May hawak itong isang kopita ng alak at relaxed na nakaupo sa balcony. Tinantya ni Lauren na matatapos niya iyon sa loob ng isa o dalawang linggo.

Pagkaraan ng ilang oras, may kumatok sa kanyang kuwarto. Ngumiti siya sa matandang babae na may abuhing buhok at makakapal na salamin sa mata.

“Hindi ka na naman makatulog?” bungad ni Nanay Lumen. Inilapag nito ang tasa ng mainit na

kape sa mesita. Nakaugalian na nitong dalhan ng kape ang dalaga sa umaga. Maaga rin kasi itong nagigising.

“Nanaginip na naman po ako.”

Bumakas ang pag-aalala sa mga mata nito. “Hindi kaya kailangan mo ng tulong?”

“Sa doktor? Tatawanan lang nila ako. The doctor might even say I have a very active imagination.” Napailing ang dalaga.

“Napapadalas na ang panaginip na ’yan at iisa lang ang tema.”

Nagkibit-balikat si Lauren. “Ewan ko. I always dream of a man and a child.”

“Kung magpatingin ka kaya sa psychiatrist?”

“Nanay Lumen!” Natawa siya. “Hindi pa ako gan‘un kadesperada.”

Pinagmasdan ni Nanay Lumen ang alaga. Madalang lang siya nitong makitang nakangiti. Palagi kasi siyang seryoso sa buhay. There was always sadness in her eyes na hindi nito alam kung saan nanggaling.

Twenty-five years old lang siya pero parang ang

dami na niyang karanasan sa buhay. Makikita iyon sa kanyang pananalita o sa mga kilos. There was always an other-worldly character in her na tila wala siya sa mundong ito. Na nasa dream world siya at babalik lang sa mundo kapag ipininta kung anuman ang kanyang nakita.

“Kung ayaw mo sa doktor o sa psychiatrist, puwede nating dalawin si Tandang Berto,” tukoy ng matanda sa albularyong kapitbahay.

“Sasabihin na naman niyang napagkatuwaan ako ng mga duwende.”

“Malay mo, baka nga duwende,” pagbibiro nito.

“I’ll be okay,” aniya, sabay halik sa noo ng matandang babae.

She was grateful that she found Nanay Lumen during the darkest days of her life. Ang matanda ay kapatid ng kanyang yumaong ina. Hindi pa niya ito kailanman nakita dati dahil malayo ito sa Maynila, pero madalas itong maikuwento ng kanyang nanay noong bata pa siya. Nang mamatay ang huli ay naulila na siyang lubos. Wala siyang nakagisnang ama at wala rin siyang kamag-anak sa Maynila.

She was all alone when she got sick. She didn’t remember what happened in the years she stayed

in Manila after finishing her studies in Germany. Emingo, her long-time friend and art agent, told her she was sick for a long time. He said it was nervous breakdown. After that, she had an accident where she got a head injury which accounts for her not remembering the past years.

Dalawang taon na blangko sa kanyang alaala. Kung minsan ay naiisip ni Lauren na maaaring ang mga taon na iyon ang kanyang napapanagipan. Pero tinawanan lang siya ni Emingo. He said she had too much imagination.

Tinulungan siya ng kaibigan na maka-recover. Hinatid siya nito sa Bohol para tumira kay Nanay Lumen and the old woman welcomed her with open arms. Ngayon ay ayaw na niyang bumalik sa Manila. Isa pa, ikinatuwa iyon ni Emingo dahil mas productive siya sa kanyang trabaho. The more she worked, the more Emingo earned from commission.

“Naku, peak season na naman natin,” ani Nanay Lumen habang nakatanaw sa bintana. May ilang bakasyonistang papasok sa kanilang bakuran.

“May mga reservations na po ba?”

“Oo, may reservation ang pamilyang ito. Pupuntahan ko muna sila.”

Pagkaalis ng kausap ay tumanaw si Lauren sa bintana. Her aunt guided the family to one of the guest houses. May anim silang guest houses na fully-furnished at air-conditioned, dalawang villa para sa mas malalaking pamilya, restaurant at iba't ibang amenities.

Sa nakalipas na dalawang taon ay tumulong din siyang pagandahin ang beach resort ng tiyahin sa pamamagitan ng pagdagdag ng guest houses. Hindi sila kinukulang ng bisita dahil bukod sa malinis, relaxing at affordable ang kanilang accommodation, masarap din ang buffet food nila.

Lauren's artworks also added attraction for the business. Minsan, mga art enthusiasts ang kanilang mga bisita at gustong makilala ang magandang painter.

Nakita niyang kinusot ni Nanay Lumen ang buhok ng batang lalaki na sa tantya niya ay tatlong taon. May kung anong kumurot sa kanyang dibdib pagkakita sa paslit. Gusto rin niyang maging ina balang-araw.

Sa isang art gallery sa Maynila...

“Hey, bro, smile or people will think we are

visiting a funeral,” pambubuska ni Richard sa nakatatandang kapatid.

Hindi ngumiti si Carlo. It had been a long day in the hospital; gusto lang niyang makauwi na para matulog. Masama ang kanyang pakiramdam; palagay niya ay dinapuan siya ng trangkaso. His head was throbbing and his eyes were burning. He ignored those symptoms.

Isang mahabang araw ng trabaho ang naghihintay sa kanya, na nababagay lamang sa kanya. Kailangan niyang makalimot at isang mabuting kaibigan para sa kanya ang trabaho dahil nalilimutan niya ang mga bagay-bagay na gumugulo sa kanyang isip kahit pansamantala lang.

“What you need is a good time. Nakakatanda ang sobrang trabaho.”

“Nagsalita ang workaholic,” ganti ni Carlo.

Mas bata ito sa kanya ng tatlong taon. At the age of thirty-three, mag-isang pinamamahalaan ni Richard ang San Diego family business. Apat silang magkakapatid; tatlong lalaki at ang bunso nilang si Mariel. Sa kanilang apat, si Richard lang ang may interes sa business. Ang pangatlo na si David ay producer sa music industry, si Mariel ay nag-

aaral maging lawyer samantalang si Carlo ay isang successful brain surgeon.

“I work hard but I also play hard,” sagot ng playboy na si Richard.

“Kaya ba gusto mong sumama ako rito sa gallery? Wala ka namang interes sa sining.”

Nanlaki ang mga mata ng kausap, halatang exaggerated ang reaction. “Kuya, I also have artistic tendencies like everyone.”

“Kung si David ang nagyaya, puwede pa akong makumbinsi.”

Nakita ni Richard na napangiti siya nito. Isa sa madadalang na ngiti. Nag-aalala ito para sa kapatid nitong nakaraang taon. Hindi balanse ang buhay ni Carlo. Marahil dahil sa malaking kawalan na dinanas niya.

“Well, actually, I would want help with Maia. She seems to stick around when you are with me. Kapag mag-isa akong pupunta, she would not even approach me.”

“It’s because she doesn’t trust a playboy like you.”

Natawa ito. “Or she likes you more than me. Yan ang challenge sa akin. Hindi ako papayag na

masapawan mo.”

“I am not competing with you, Richard.”

“Come on! You know, I love it.” Nakatuon ang atensyon nito sa babaeng papalapit sa kanila. “Hello, Maia.”

Si Maia ang may-ari ng art gallery at kaibigan ni Carlo. Naging kaklase niya ang dalaga sa unibersidad. Ngayon ay naintindihan na niya kung bakit nagpumilit si Richard na isama siya sa art exhibit nang gabing iyon.

“Hello, Richard,” malamig na pagbati nito sa kanyang kapatid.

Maganda at elegante ang babae. Matangkad ito at naging mas matangkad pa sa suot na high heels. Mabilis na umakbay rito si Richard.

Muntik nang matawa si Carlo nang parang langaw na pinalis ng dalaga ang kamay ng binata na tila allergic dito. Cool as a cucumber. It looks like Richard had found his match in Maia, naisip niya. Hindi maitutulad ang dalaga sa mga babaeng pinaluha na ng kapatid. She was level-headed and had her own share of arrogance.

“It’s good to see you again, Carlo.” Mas mainit

ang pagbati ni Maia sa kanya.

Humalik siya sa pisngi nito. “The pleasure is mine.”

“I think you would want to look around?” Kumapit ito sa kanyang braso at hindi pinansin si Richard. Nagkibit-balikat ang huli nang tumingin siya rito.

Maraming bisita ngayon sa art gallery. Mga bagong paintings ang naka-display mula sa luma at bagong artists. Isa-isa nilang nilapitan ang paintings at matiyagang nagbigay si Maia ng background story sa bawat isa.

Natigilan si Carlo pagtapat niya sa isang painting; isang lalaki ang nakatayo ngunit nakatalikod. Maliban sa tuwalyang nakabalabal ay hubo’t hubad ito. Wala itong mukha pero alam niya kung sino iyon. Mula sa mga muscles sa likod, sa maalon na buhok at sa nunal sa kanang balikat.

“It’s a masterpiece, isn’t it? The artist has created a very detailed portrait of a man,” komento ni Maia.

Sinilip niya ang signature sa ibabang bahagi ng painting. *La Nieve*. Bumilis ang tibok ng kanyang puso at para siyang matutumba. Naramdaman niya ang pagsuporta ni Richard mula sa kanyang likuran.

“Kuya, are you okay?”

Tumango lang siya. “La Nieve?”

“Yes, that the artist’s name.” Sinenyasan ni Maia ang waiter. Kaagad itong lumapit at nag-alok ng inumin. Tumungga si Carlo ng red wine at pinilit na kalmahin ang sarili.

“The interesting thing is that she doesn’t have a model in this painting. It was all from inspiration.”

Really? Gustong isigaw ni Carlo ang tanong, pero nanaig pa rin ang pagiging lohikal niya. Gusto niyang sabihin na siya ang lalaking nasa painting. “Kilala mo ba personally si La Nieve?”

Ngumiti ang kaibigan. “No, I haven’t even met her. We have dinners for our regular artists. Lagi namin siyang iniimbitahan, pero hindi siya nakakapunta. Maybe because she lives so far away—”

“Where does she live?” Medyo mataas ang boses niya na ikinagulat nito.

“I heard she is based in Bohol but I don’t know where exactly. She is quite a recluse. She just produces her works of art, and then I buy them from her.”

“Would you know where I can contact her?”

Nakatitig pa rin si Carlo sa painting. Isang taon ang lumipas sa kanyang paghahanap kay La Nieve pero walang nangyari. He hired so many private investigators just to find her, but they could not trace her.

He had spent so many sleepless nights worrying about her and fearing for her life. Pagkatapos ay napalitan iyon ng galit sa kanyang puso. Ngayon ay muling niyang makikita sa isang art gallery ang trabaho nito. Heto na ang pagkakataon na hinihintay ni Carlo.

“Well, you can contact her through her agent, si Emingo Calzado. All transactions go through him. Emingo is in Belgium right now.” Tumingin si Maia kay Richard, may tanong sa mga mata nito. She was probably wondering why Carlo was suddenly acting strange. She also saw that his brother was confused, too.

“Mahirap mahagilap si La Nieve. You have to wait for Emingo to come back. Unfortunately, I don't have his contact number in Belgium.”

Tumayo si Carlo. “Salamat, Maia. Please reserve that painting for me.”

Hindi na niya hinintay pang magsalita ang

Kiss Me In My Sleep - Precy Dizon-Kohl

dalawang kasama. He felt strange like he was in a dream. Kung kailangan niyang halukayin ang buong Bohol para makita si La Nieve ay gagawin niya.

She broke his heart when she went away.

It was time for her to pay the price of breaking his heart and his soul.

2

Panglao, Bohol Island...

Magtatakip-silim na. Isa iyon sa mga paboritong oras ni Lauren na magtrabaho sa tabi ng dagat. Mula sa kanyang kinaroroonan ay nakikita niya kung paano magpalit ng kulay ang langit hanggang sa maging yellow-orange ito. Mula sa natitirang liwanag ng araw ay inaninag niya ang trabaho sa canvas.

Again, it was a painting of the same man. This time, he was naked and sitting relaxed on a sofa inside the bedroom. Mula sa bintana ay makikita ang iba't ibang kulay ng mga dahon mula sa punong-kahoy. It was full autumn.

She didn't know where she got the inspiration. The setting of the painting was not in Philippines, it was some country where there is autumn. Naisip ni Lauren na marahil isa ito sa mga memorya niya habang nag-aaral sa Germany.

However, she felt frustrated. Sa pagkakataong ito ay nakaharap sa kanya ang misteryosong lalaki, pero hindi niya pa rin ito malagyan ng mukha. Naghihintay siya ng tamang inspirasyon.

Biglang may aninong tumapat sa kanyang painting. Nagulat siya at nabitawan ang hawak na paintbrush. Pagharap ni Lauren ay isang matangkad na lalaki ang nakatitig sa kanya.

“Dito lang pala kita matatagpuan,” anito sa mahina pero halatang galit na boses.

“S-sino ka?” tanong ni Lauren.

Kinabahan siya dahil nag-iisa siya sa beach. The tourists running around were already back at their hotels or beach resorts.

“Don’t pretend you don’t know me.” Sarkastiko ang estranghero.

Umatras si Lauren. She looked at him with an artist’s eye for details: lean muscles, matangkad at maalon ang buhok. Hindi niya maaninag masyado ang mukha nito, pero alam niyang hindi niya kilala ang lalaki.

May pakiramdam siya na gusto siya nitong sunggaban. Tatakbo sana ang babae nang mahawakan siya nito sa braso.

“Bitawan mo ako!” Sumigaw na siya. Pakiramdam niya ay hindi siya makahinga, mabilis ang tibok ng kanyang puso. Naramdaman din niya na mainit ang

kamay nito at hindi normal ang paghinga.

“Never. Magaling kang magtago, Lauren. I have searched for you but you never left a trace.”

“H-hindi ko kayo kilala... Baka napagkamalan n’yo lang ako.”

“Stop playing games, Lauren.”

Isa ba itong psychopath na nakawala sa mental hospital? If he was, then her life was in danger. Nakaramdam siya ng surge of adrenaline sa kanyang takot. Itinulak niya ito. Napaungol ang lalaki nang matumba. Tatakbo na sana siya nang mapansin na hindi na ito gumalaw.

Shit, nakapatay ba siya? Namutla si Lauren. Lumayo siya nang kaunti at hinintay na tumayo ang estranghero, pero hindi ito gumagalaw. Binato niya ito ng maliit na kahoy, wala pa rin itong reaction.

Pagkalipas ng sampung minuto ay unti-unti siyang lumapit dito. Narinig niya ang irregular breathing nito. Sinipa niya ang lalaki, maliban sa bahagyang ungol ay wala itong reaction. Lakas-loob siyang lumapit at hinawakan ito sa mukha. Nag-aapoy ito sa lagnat!

Kahit na tinakot siya nito ay nanaig pa rin ang

humanitarian spirit sa kanyang puso. Tumakbo si Lauren sa direksyon ng bahay upang humingi ng tulong. Iniwan niya muna ang mga gamit sa pagpipinta.

Ang ipinagtataka niya ay parang kilala nga siya ng lalaki. Isa pa, tinawag siya nito sa kanyang pangalan.

Ilang oras ang lumipas matapos ang engkuwentro sa beach. Nakaupo sina Lauren at Nanay Lumen malapit sa nag-aapoy sa lagnat na lalaki. Dinala nila ito sa guest room ng bahay. Sa tulong ng ilang kapitbahay ay naiuwi nila ang estranghero. Pero hindi ganoon kadali dahil matangkad at malaking tao ito. Kinailangan ng tatlong lalaki para buhatin ito sa sasakyan at dalhin paakyat sa kanilang bahay.

“Sino kaya siya?” pabulong na tanong ng matanda.

“Wala akong makitang ID niya kahit sa pantalon. Wala rin siyang wallet,” sagot niya.

Binaligtad nito ang cold compress sa noo ng maysakit. “Ang taas ng lagnat niya. Sana walang nag-aalalang kapamilya niya.”

“Mabuti pa po, mag-report na tayo sa pulis.” Kahit natutulog ang lalaki ay hindi pa sigurado si Lauren. She had always trusted her instinct and it was telling her to run away as far away from the man.

“Hintayin natin na magkamalay siya. Kapag hindi pa natin makausap nang maayos bukas, saka tayo mag-report sa pulis.”

“Hindi natin alam baka kriminal ‘yan.”

“Susme, anak! Halatang mayaman ang lalaki na ito. Tingnan mo ‘yong suot na damit at ang hitsura. Baka turista lang ito at naiwan ang mga gamit sa hotel na tinutuluyan.”

“Mas mabuti na pong makasiguro tayo.”

Hinaplos ni Nanay Lumen ang buhok niya. Typical na talaga sa kanya ang hindi maging mapagtiwala.

“Wag kang mag-alala. Mukha namang disente ang lalaking ito. Bukas makakausap natin siya at baka di na natin kailanganin ng pulis.”

Nagkibit-balikat ang nakababatang babae. “Matulog na po kayo,” sabi niya nang mapansin na inaantok na ang tiyahin. “Maaga pa po kayong gigising bukas, hindi ba?”

“Oo nga, kailangan kong magtrabaho sa kusina.

Marami tayong bisita ngayon at nag-avail sila ng breakfast.” Tinakpan nito ang bibig nang mapahikab.

“Ako na po ang bahala sa kanya.”

“Sigurado ka ba? Puwede nating tawagin si Rosa para siya’ng magbantay,” tukoy nito sa katulong nila.

“Sigurado po ako, Nanay Lumen. I don’t have to wake up so early tomorrow. Sige na po.”

Naiwan si Lauren na mag-isa kasama ang pasyente nila. Pinagmasdan niya ito mula sa dim light sa tabi ng kama. *Not bad*, naisip niya. Guwapo ang lalaki, patrician nose, seryosong mga labi na tila madalang ngumiti, may mahahaba rin itong pilikmata. An artist’s dream profile.

Napaatras siya nang bigla itong magdilat ng mata.

“Lauren?” mahina nitong sambit. Namumula ang mga mata ng lalaki, tanda ng mataas na body temperature.

Kinilabutan siya sa pagtawag nito sa kanyang pangalan. Marahil ay asawa o girlfriend nito ang Lauren na madalas nitong banggitin.

There was always a note of endearment in his voice, na tila mahalaga ang babae sa buhay nito.

Tumayo siya upang kumuha ng tubig. Biglang sinungaban ng lalaki ang kanyang kamay.

“Don’t leave me,” pakiusap nito. “I need you.”

“Kukuha lang ako ng tubig. You have to stay hydrated,” paliwanag ni Lauren. Napansin niyang nanunuyo ang mga labi nito.

“You will come back?” May note of desperation sa boses nito.

“Yes, don’t worry, nandito pa rin ako.”

Ngumiti ito nang bahagya na tila comforted. Mabilis siyang kumuha ng tubig sa kusina at ipinainom iyon sa estranghero. Kailangan niyang suportahan ito sa pag-upo dahil mahina ang lalaki. Hindi siya nagtataka na tumumba ito nang itulak niya kanina. Mukhang matagal na itong may sakit. Inihiga niya uli ito.

“Is this a dream?” bulong nito.

“Shh... just relax and sleep.”

“I don’t want... to wake up... from this... dream,” paputol-putol nitong bulong. Kailangang ilapit ni Lauren ang tainga rito para maintindihan ito.

“Tomorrow, you will be fine.” Hinawakan niya ang

kamay nito. Nakaramdam siya ng di-maipaliwanag na emosyon. Naaawa ba siya?

Humigpit ang hawak ng kamay nito sa kanyang palad saka ngumiti. Pagkalipas ng ilang minuto ay nakatulog ito nang mahimbing.

Kinabukasan, nagising si Lauren sa pagtilaok ng manok sa tabi ng bintana. Napangiwi siya nang maramdaman na masakit ang muscles niya sa likod. Nakatulog siya sa sofa nang buong magdamag. Minsan ay kailangan niyang gumising para i-monitor ang temperature ng lalaki at painumin ito ng gamot.

Nagdedeliryo ito sa sobrang taas ng lagnat. Maririnig niyang tatawagin nito ang babaeng kapangalan niya. It was as if he was in agony over her. Pagsapit ng madaling-araw ay bumaba na ang temperatura nito at nakatulog na rin nang mas mahimbing.

Minabuti niyang matulog malapit dito. Alam niyang hindi rin siya makakatulog sa kanyang kuwarto. Hindi niya maiwan ang lalaking maysakit. She stretched her muscles and then stopped midway. The man had opened his eyes. He was looking at her with clearer eyes.

“Kumusta ka na?”

“I feel better. A small headache perhaps.”
Tinangka nitong bumangon pero mahina ito.

Lumapit siya sa lalaki at inihiga ito. “You are still weak. You were very sick last night.” Hinaplos niya ang noo ng kausap at naramdaman niyang mababa na ang temperatura nito. Inayos niya ang kumot ng lalaki.

Na-conscious si Lauren sa titig nito na tila tinatantya siya. May labis na pagtatata sa mukha ng kaharap.

“I... I understand now why you acted strange yesterday in the beach. You were very sick. Napagkamalan mo ako sa ibang babae.”

“Did I?”

“You were not yourself. Gusto sana naming mag-report na sa pulis. Wala ka kasing ID o anumang papeles. We don’t know who shall we notify. Baka may pamilyang naghahanap sa ’yo.”

“Nobody is looking for me. I came here for a long vacation.”

“Are you from Manila? Do you want to call your family? Your wife maybe?”

Kinusot ng lalaki ang buhok na tila frustrated sa mga tanong niya. “I don’t have a wife.”

“I see.” Ayaw na niyang magtanong pa kung sinuman ito. “Iwan muna kita. I’ll get you some breakfast.”

“Lauren?”

Lumington siya rito. Muli ay bumilis ang tibok ng puso niya sa pagtawag ng estranghero. It was like a caress from a lover. “Yes?”

“You are Lauren, right?”

Tumango siya at naghintay pa sa susunod nitong sasabihin. Sa halip ay umiling ito at pagod na ipinikit ang mga mata. Alam niyang may nais pang sabihin ang lalaki pero nagbago ang isip nito.

“You are the artist that they call ‘La Nieve’?”

“Yes, paano mo nalaman?”

“You are quite famous in this town. A tourist like me is naturally curious.”

Hindi komportable si Lauren sa nakita niyang interes sa mga mata ng kaharap. “Puwede ko bang malaman ang pangalan mo?”

“I am Carlo.” Tumingin uli ito nang mataman sa

dalaga, na tila may hinihintay na reaksiyon. “Carlo San Diego.”

“Nice to meet you, Carlo.” Binigyan niya ito ng isang impersonal na ngiti.

Bago siya lumabas ng kuwarto ay narinig niyang bumulong, “How could that be?”

Nagkibit-balikat siya. The faster the man be healed, the better. Gusto niyang umalis na ito sa lalong madaling panahon dahil may pakiramdam siyang hindi siya makakapagpinta kapag malapit ito. He had a certain effect on her nerves that she could not explain.

3

Pagkaraan ng ilang araw, naka-recover na si Carlo mula sa matinding trangkaso. Bumalik na ang appetite niya sa pagkain at hindi na siya gaanong nanghihina. Nakaupo siya sa ilalim ng bahay-kubo na matatagpuan sa isang bahagi ng hardin ng beach resort.

Normally, he had a strong resistance against flu and other diseases. Pero hindi normal ang nakaraang mga araw na lumipas. He drove himself too hard because he wanted to forget Lauren. Pero lalo siyang na-stress nang malaman kung saan ito nagtatago. He was not able to talk to Emingo kaya ikinalat niya ang kanyang mga hired investigators sa buong Bohol.

When he found out where Lauren was, he had to take a long vacation from work, which was not easy. Ngayong nagkita na sila ng babae, hindi niya inasahan ang komplikasyon. She didn't remember him! Two years of being together and she didn't know and remember him? What a laugh!

Pero hindi natatawa si Carlo.

Noong una ay inakala niyang maaaring

pinaglalaruan lang siya ni Lauren, na maaaring nagkukunwari lang ito para makatakas sa kanyang galit.

However, he could not deny the fact that she was not faking it. Dinala siya sa bahay nito at inalagaan noong siya ay may sakit. If she had remember, she could have run away from him while he was unconscious and just left him there to die.

Isa siyang doctor at naglaro sa isip niya na maaaring maysakit ang babae—selective amnesia. May isang parte ng buhay nito na hindi nito maalala. Iyon ay ang parte na kasama siya. Sa isipang iyon ay nakaramdam si Carlo ng sama ng loob. How could she forget the time that they were together?

“Hijo, mabuti na ba ang pakiramdam mo?” Nilapitan siya ni Nanay Lumen. May dala itong gamit sa paghahardin.

“Mabuti na ho.” Ngumiti siya rito. “Lumalakas ako sa ipinapakain ninyo sa aking masustansyang mga pagkain.”

“Kow, wala ’yon. Ganyan talaga kaming mga Boholano. Welcome lahat ng nangangailangan ng tulong.”

“Sana ay singilin n’yo ako d’un sa ilang araw ko

na pagtira sa guest room n'yo.”

“Ano ka ba?” Halatang na-shock ang matanda. “Wala tayo sa Maynila, na lahat ay binabayaran.”

Umupo ito sa lupa at inalis ang ilang damo na tumutubo sa tabi ng mga ornamental plants. Lumen had always been a bundle of energy. Hindi tumitigil ang babae sa pagkilos kahit na nakikipag-usap.

Umupo na rin si Carlo sa tabi nito at tumulong na magbunot ng damo.

“It’s nice here. Free from stress.”

“Yan ang ideya namin ni Lauren. We wanted to build a beach resort that people can visit and free themselves from stress. Nandito na lahat: restaurant, beach, swimming pool, garden. Nakita mo na ba’yong bee farm?”

Tumango siya. “It’s wonderful.”

“We sell the honeybees and also mix the honey with the food we serve. Believe me, andaming local people ang nabibigyan ng trabaho.”

“It’s a win-win situation.”

“Matanong lang kita, ano’ng trabaho mo sa Maynila?”

“Doktor po ako.”

“Hindi ko akalain. Hindi ikaw ang tipikal na doctor.”

Natawa si Carlo. Nakita ni Lumen na gumaan ang ekspresyon niya. Palagi siyang may malalim na iniisip na tila may malaking problema.

“Ano ba ang typical na doctor?”

“Mukhang hindi naaarawan at palaging malinis ang kamay.”

Nagtawanan silang dalawa sa pagbibiro ng matanda.

“I would want to stay longer here. Relax a little bit. I took a long vacation from work.”

“You are welcome to stay, hijo.”

“I want to rent the other villa.”

Natigilan ito sa pagbubunot ng damo. “Ayaw mo na sa guest room mo?”

“I don’t want to be in the way,” maikli niyang paliwanag.

Lumiwanag ang mukha nito at napailing nang maintindihan ang hindi masabi ng lalaki. “Si Lauren

ba ang inaalala mo? Huwag mong pansinin ang pamangkin ko. She is not used to strangers staying in the house. Pero mabait siya.”

“Matagal na ba siya rito?”

“Isang taon pa lang. Galing siya ng Maynila pero minabuting dito na mamalagi. Gusto ko naman para may kasama ako, pero minsan naiisip ko na sayang ang kabataan niya.”

Napansin ni Lumen na tila nawala ang pagkaka-relax ng kausap nang makita nito si Lauren na papasok ng bahay.

“She lives like a recluse. I see her wake up early and then she comes back again with her paintings.”

“Yan si Lauren.”

“She is too young to stay here.”

“Yes, but that’s what she wants,” anito. “I don’t know the full details but she was sick in Manila for a long time. Sinabi ng kaibigan niyang si Emingo na mas mabuting dumito na muna si Lauren.”

Kumunot ang noo ni Carlo. “Ang Emingo na ito ang nagdala kay Lauren dito?”

“Oo, Lauren was so sick then. She was like a lost

child. Kung makikita mo lang ang kalagayan niya noon. Siguro sa sobrang stress sa kanyang trabaho o sa ibang bagay. Lauren doesn't remember much what happened then.”

Nakita niyang lumingon si Lauren sa direksyon nila. Pupuntahan sana nito ang tiyahin nang mapansin na nandoon siya. Umatras ang babae at bumalik sa bahay. Iniiwasan siya ni Lauren, obvious iyon sa kanya. Carlo reached a final decision.

“I wanted to have a place of my own tatal balak ko talagang magbakasyon nang matagal. May I have the villa?”

Nagkibit-balikat ang kausap. “Malaki ang villa para sa iisang tao. Pero kung 'yan ang gusto mo, pagbibigyan kita. How long are you staying?”

“Hindi ko pa alam. Pero I would say two months.”

Nagtaka ito. Mahaba ang bakasyon. Normally, isang linggo ang pinakamahabang stay ng isang bakasyonista. Kinuha pa niya ang pinakamahal na accommodation.

Istorbo talaga sa peace of mind ni Lauren ang bago nilang bisita! She tried to avoid him as much

as possible. Pero hindi niya alam kung sinasadya o nagkakataon lang na kahit saan siya pumunta ay palagi niya itong nakikita. Kapag lumalabas siya upang magpinta ay nandoon ang lalaki sa beach, naglalakad o lumalangoy mag-isa. Kapag sa studio naman siya nagtrabaho ay naririnig niya ang pamilyar nitong mga yabag sa sahig o kaya ay ang boses nito habang nakikipag-usap kay Nanay Lumen o sinumang staff.

Hindi niya tuloy matapos ang nasimulan niyang painting! Nagsisimula na siyang mainis kahit wala namang ginagawa si Carlo. Ni hindi nga siya nito nilalapitan, but he was always there. A constant presence.

“Hindi kaya ikaw ang may problema, Lauren?” tanong niya sa sarili.

She could not understand herself. Sinubukan niyang lagyan ng mukha ang lalaki sa kanyang painting. Nagsimula muna siya sa mata. She was horrified when Carlo’s eyes looked back at her from the painting. Itinigil niya ang pagpipinta at itinabi na muna niya iyon sa studio. Minabuti niyang magsimula na lang ng iba, but inspiration was so far away. Maghapon siyang nakatanga sa kanyang canvas.

Magtatakip-silim na nang umuwi ang babae. She

was really in a bad mood this time. Lalong dumilim ang kanyang mukha nang makita si Carlo sa kanilang dining room. Nakaugalian na rin nitong sumasabay sa kanilang pagkain sa imbitasyon na rin ni Nanay Lumen.

“Oh, anak, halika na. Kanina ka pa namin hinihintay.”

Humalik siya sa pisngi ng matanda. “Hindi n’yo na sana ako hinintay,” tugon niya rito.

“Hindi puwede, hija. Carlo cooked his specialty today. He wanted to wait for you.”

Nadismaya si Lauren. Balak pa naman niyang lampasan muna ang dinner na ito. Napilitan siyang tumingin kay Carlo. Nakaupo ito at tila alam na ang kanyang iniisip na pagtakas. He looked amused at her irritation.

“I hope you like what I cooked.”

“What is it?” She was wary.

“Nothing fancy. Just some dishes I learned in Germany when I was there for a year.”

“Y-you were in Germany?”

“Yes, I trained there as surgeon.” Binuksan nito

ang mga hot plates.

Hindi man sabihin ng lalaki ang mga niluto nito ay pamilyar iyon kay Lauren pagkaamoy pa lang niya. Tumira rin siya sa Germany at heto ang paborito niyang pagkain doon. Pakiramdam niya ay nagtayuan ang kanyang balahibo sa braso.

“Beef roullade with boiled potatoes. Since there is no pickled red cabbages here, I improvised. Ginamit ko ang papaya pickles ni Nanay Lumen.”

“Alam mo, hija, pareho pala kayo ni Carlo na nakarating ng Germany. S’an ’ika mo ikaw tumira, Hijo?”

“Sa Berlin.”

Napapalampak si Nanay Lumen. “Aba’y di ba’t sa Berlin ka rin, Lauren? Hindi ba kayo nagkita doon?”

“Malaki po ang Berlin. Minsan, malabong magkabanggaan ang kapwa Filipino doon.” Umupo na si Lauren.

“Maybe we met there but you forgot about me,” sabi ni Carlo.

“I never forget people’s faces,” malamig niyang sagot.

Was it just coincidence or was her mind playing tricks on her? Ang mga pagkaing iniluto ni Carlo ay ang mga paborito niyang German dishes. Hindi niya alam lutuin iyon kaya minsan ay dumarayo pa siya sa German restaurant para lang matikman ang mga iyon.

She found herself feeling hungry suddenly. Nagsimula na silang kumain. Hinayaan lang niyang mag-usap sina Nanay Lumen at Carlo. Pagkalipas ng isang oras ay sumandal si Lauren. She had never eaten so much like today.

“I think Lauren liked what you cooked, hijo. For me, it’s a little bit strange.”

“It takes getting used to it.” Tumayo si Carlo at tumungo sa kusina. Pagbalik nito ay may dala itong chocolate cake.

“The meal won’t be complete without a dessert, would it?” Lumapit ito sa nakababatang babae.

He put a slice of mouth-watering cake on her plate. Conscious si Lauren sa pagkakalapit nila, naamoy niya ang manly scent nito. Napapikit siya, parang nagayuma. Natauhan siya nang lumayo ito.

“Naku, tataba na kami nito, hijo.” Gustung-gusto ni Nanay Lumen ang chocolate cake.

“Impossible! Palagi kayong on the go.”

Napahagikgik ito na tila bata. “Then, can I eat one more slice?”

Nilagyan ni Carlo ng isa pang slice ang platito nito pagkatapos ay tumingin kay Lauren. “Would you want some more?”

Tumango siya. Ngumiti ito sa kanya na nagpatalon sa kanyang puso. “Salamat sa dinner.”

“You’re welcome. They say that the feeling of eating chocolate is like the feeling of being in love. Would you agree to that, Lauren?”

“I have never been in love.”

“Never?” paniniguro nito.

Direkta siyang tumitig sa lalaki. “Never.”

“Why not?”

Nagkibit-balikat siya. “It’s just a waste of time. Isa pa, kontento na ako sa buhay ko.”

“Ayaw mo bang magkapamilya?”

“I have Nanay Lumen.”

“I mean, asawa at anak?”

Namutla si Lauren. Hindi niya alam pero parang may sumundot sa kanyang puso—masakit na sundot. “Bakit ikaw, Carlo?”

Tumigas ang mukha ng lalaki na tila may tinamaan siyang sensitive topic. “I would want a family of my own.” Nagkibit-balikat ito. “Unfortunately, the girl that I loved doesn’t seem to love me back.”

“Hmm... hindi niya nagustuhan ang pagluluto mo.” Nabasag ang tensyon sa pagbibirong iyon ni Nanay Lumen.

So, he was in love with this Lauren. But the girl did not love him back. Mukhang marami na nga yatang baliw na babae sa mundo, naisip niya. Carlo is a good catch, kung tutuusin.

“Well, marami pang babae sa mundong ito. I am sure, hindi ka nawawalan ng girlfriend.”

“I am looking for a very special lady. Maybe I will find a girl here in this island,” anito.

Tiningnan niya ang kausap. Nakatitig rin ito sa kanya. May ibig bang sabihin si Carlo? Or maybe she had an active imagination.

Roses And Dreams

PROLOGUE

Excited na umuwi ng bahay si Lorraine nang hapong iyon. Tiyak niyang naroon na ang iba niyang mga kamag-anak at tutulong sa kanyang pamilya sa paghahanda para sa debut party niya bukas. Ayaw ng ama na magpa-cater sila. Hindi naman kasi sila mayaman kaya hindi nila afford ang isang engrandeng debut party. Tama na sa kanya iyong may handang pagkain, may gown siya, eighteen roses at eighteen candles.

Mabuti na nga lang at absent ang professor nila sa Accounting kaya maaga siyang nakauwi.

Tahimik ang harapan ng bahay nila. Sigurado siyang nasa likod o kaya sa kusina ang parents niya, tito at tita.

“O, dumating na pala ang debutante natin, eh!” nakangiting sigaw ng kanyang Tito George. Sinalubong siya nito ng yakap sa main door nila.

“Tito George!” namimilog ang mga matang bulalas niya saka yumakap din dito.

Hinalikan nito ang bumbunan niya.

Hindi niya inaasahan na maging ang tiyuhin na nag-migrate na ng Florida ay uuwi para lang sa debut niya. Nag-iisang kapatid ito ng ama at tatlong taon nang kasal pero hindi pa nagkakaanak. Kaya naman lahat ng atensyon nito at ng asawa ay nakuha nila ng kanyang Ate Laiza. Spoiled sila rito.

“How’s my beautiful pamangkin?” magiliw nitong tanong sa kanya. Kumalas ito ng yakap at ipinatong ang kanang kamay sa baywang niya.

“Siyempre mas lalong gumaganda!” pabirong sagot niya, saka hinanap ang asawa nito, “Where’s Tita Melissa?”

“Naku, hindi pinayagan ng boss niya na mag-leave kaya hindi nakasama sa ’kin. Pero may pinabibigay siya sa ’yo. Nasa mommy mo. Suotin mo raw ’yun tomorrow night sa party mo.”

Namilog ang mga mata ni Lorraine. Ano kaya iyon? Alam niyang galanteng magbigay ng regalo ang kanyang Tita Melissa.

Iba talaga kapag birthday mo. Lahat ng atensyon ay nasa sa iyo.

“Really, Tito?”

“Yup. Now, go ang ask your mom for it para

masukat mo.”

“Thanks, Tito!” Hinalikan niya ang lalaki sa pisngi at dali-dali nang pumasok sa loob ng bahay.

Isang diamond necklace ang regalo ni Tita Melissa niya. Agad iyong isinukat ni Lorraine nang nasa kuwarto siya. Bagay na bagay iyon sa mala-porselana niyang kutis. May lahing Espanyol ang kanyang ama at dito niya namana ang kutis. Tamang-tama iyon dahil malaki ang ukab ng gown niya bukas. Tiyak na mapapansin iyon ng lahat.

Pinagmasdan ng dalaga ang kwintas mula sa salamin. Itinaas pa niya ang mahabang buhok para mas lalong ma-emphasize ang alahas.

“Tuloy po,” aniya nang may kumatok.

Bumukas ang pinto at sumungaw doon ang ulo ng kanyang mommy. “Nasa baba ang Tita Flor mo, hinahanap ka.”

Nabuhay ulit ang dugo ni Lorraine pagkarinig ng pangalan ng nakatatandang kapatid ng ina. Malapit siya rito dahil madaldal din ito at palakuwento kagaya niya. Forty-two years old na ang babae pero kakakasal lang two months ago.

“Sige po, 'My, magpapalit lang ako ng damit

'tapos bababa na 'ko."

Ngumiti ito sa kanya at isinarado na ulit ang pinto. Matapos tingnan ang sarili sa salamin sa huling pagkakataon, hinubad niya na ang necklace at ibinalik sa lalagyan nito. Nagpalit na siya ng damit-pambahay at lumabas na ng kuwarto.

Unang pinuntahan ni Lorraine ang kusina para hanapin ang kanyang Tita Flor. Kahit umupa ang ama ng mga magluluto sa party, marami pa ring kailangang ayusin kaya abala ang mga ibang tiyahin, maging ang kanyang ina. Pero hindi niya nakita sa umpukan ang pakay niya.

Nakita niya ito sa garden nila, nakaupo malapit sa may grotto. "Tita Flor!"

Ngumiti ito nang makita siya; tumayo at sinalubong siya. "Happy Birthday, hija."

"Thanks, Tita." Nagbeso-beso sila pagkatapos nilang magyakapan. "Where's Tito nga pala?"

"Nasa work. Bukas na lang daw siya paparito. Ang ingay sa loob! Grabe! Nagsama-sama ang mga tito't tita mo from both sides! Nabingi ako kaya lumabas na muna ako."

Natawa siya sa sinabi ng ginang. Tama naman kasi.

“So how’s the newly wed?” usisa ni Lorraine.

Naupo sila. Nakita niya ang biglang pagningning ng mga mata ng kaharap. Tanda na maligayang-maligaya ito.

Sino ang mag-aakala na sa edad nito ay magpapakasal pa ito? Lahat sila ay nag-akalang magiging matandang dalaga na ito nang tuluyan. Biyudo ang kanyang Tito Raul at may isang anak. Na-meet niya na ang stepdaughter ni Tita Flor at sa tingin niya ay mabait nito. Madaling napalagay ang loob nila sa isa’t isa.

“Great, hija! I’ve never been this happy in my entire life! Nagkakasundo kami ni Trisha at tanggap niya ako as her new mommy,” tukoy nito sa dalagitang anak ng asawa. “Hay, naku! Feeling ko talaga magkasing-edad lang tayo kapag kasama ko si Raul.”

“Kakainggit naman kayo, Tita,” totoong sabi niya.

“Ano bang inggit-inggit? Mag-e-eighteen ka pa lang bukas. Saka ’andiyang naman si Adrian na boyfriend mo, kaya bakit ka maiinggit?”

“Eh kaso, hindi ko makita ang sarili ko na kasama siya hanggang pagtanda ko. Oo nga’t mahal ko siya, pero hindi sapat ang love na ’yun para maisipan kong magpakasal sa kanya.” Alam ng lahat ang tungkol

sa boyfriend niya. Kailanman ay hindi naglihim si Lorraine sa mga magulang at hindi siya pinagbawalan ng mga ito.

“At bakit mo naman iisipin ’yang kasal na ’yan? Kaka-college mo pa nga lang, eh. Batang ’to.” Natawa ang kausap sa paghihimutok niya.

“Ikaw, Tita, di ba wala pa kayong anim na buwan na nagkakilala ni Tito Raul? Paano mo nasigurong siya na nga talaga ang para sa ’yo?” naisipan niyang itanong.

Lumawak ang pagkakangiti nito. “Alam mo bang minahal ko na ang Tito Raul mo bago ko pa man siya nakilala?”

“Ha?” Para siyang naiwan sa ere dahil sa sinabi nito. Ano iyon? Parang sa kanta? *I knew I loved you before I met you?* Posible ba iyon?

“Totoo!” pilit nito.

“P-p’ano? Pinaglolo-loko n’yo naman yata ako, Tita, eh.”

“Kailan ba kita niloko?”

“Eh paano nga nangyari ’yun?”

“Narinig mo na ba ’yung paraan kung paano mo malalaman at makikita ang mapapangasawa mo sa

future?”

Nahindik si Lorraine. Parang alam niya na ang sinasabi nito! “Alin? ’Yung magdadala ka ng kandila sa harap ng salamin during midnight at full moon? Tita, ha, don’t tell me ginawa mo ’yun?” Namimilog ang mga mata niya.

Tinampal nito ang kanyang braso. “Ano ka ba! Hindi ’yun. Nakakapangilabot naman ’yun. Baka mamaya, multo pa ang makita mo sa salamin.”

Naguluhan na lalo si Lorraine. “Eh kung hindi ’yun, ano’ng ginawa mo?”

Mukhang na-excite ang tiyahin. Umayos pa ito ng pagkakaupo. “Mas maganda at romantic ang dating.”

“Eh, ano nga? Tita naman, binibitin ’pa ko,” atat na atat na sabi niya.

“The night before your birthday, maglagay ka ng three red roses sa ilalim ng unan mo. Don’t forget to pray to God bago ka matulog. At mapapanaginipan mo ang lalaking mapapangasawa mo, ang nakatadhana para sa ’yo.”

Bahagya siyang napangiwi. “Yun lang?” Tumango ito. “Effective ba ’yun, Tita? Ano’ng romantic d’un?”

Nagkibit ito ng balikat. “Romantic dahil kakaiba

ang mapapaniginipan mo. Hindi ko alam kung effective talaga. But it worked for me. See, I have your Tito Raul.”

Oo nga naman. Naging happy ang love life ng tiyahin dahil doon. Hindi ito nagkamali ng lalaking pinakasalan. “As in, naglagay ka lang ng three red roces sa ilalim ng unan?” paniniguro niya.

“Yup. Like the usual tulog ng mga tao. May unan and everything. Ang kaibahan lang, may bulaklak sa ilalim ng unan mo.”

Napatangu-tango si Lorraine. *Hmm...*

“Uy, ano’ng iniisip mo? Don’t tell me susundin mo? Bata ka pa, ayokong dahil sa sinabi ko ay hintayin mo ang lalaking makikita mo sa panaginip. Ginawa ko lang naman ’yun n’ung thirty years old na ’ko. I tell you, hindi ko gina-guarantee sa ’yo na totoo nga ’yun.” Dahil sa nakitang excitement sa mga mata niya, parang gusto na nitong bawiin ang sinabi.

Tamang-tama, birthday niya bukas. Hindi pa huli para subukan niya ang sinabi ng kanyang Tita Flor.

Tatawagan niya ang best friend niyang si Michelle at magpapabili rito ng red roses.

1

Nagising si Lorraine sa isang magandang hardin. Dahan-dahan siyang bumangon mula sa pagkakahiga sa damuhan. Iba't ibang kulay ng maliliit na bulaklak ang nakikita niya sa damuhan. Inilibot niya ang paningin sa paligid. Maging ang katawan ng mga puno sa gilid ng hardin ay may mga bulaklak ding nakapulupot. Nakakawala ng problema ang lugar na iyon.

Napangiti siya. Nasa paraiso ba siya o nasa langit? Napatingin ang dalaga sa sarili. Isang maputi at sleeveless na damit na abot hanggang sakong ang kanyang suot. May nakalagay rin na parang korona sa ulo niya na gawa sa mga bulaklak na nasa paligid. Para siyang engkantada.

Nakita niya ang isang pulang rosas sa tabi niya. Pinaglalaruan niya ang mga petals nito nang biglang may isang lalaki na nakaputi na papalapit sa kanya. Sa di-malamang kadahilanan ay napuno ang paligid ng mga usok. Hindi niya makita ang mukha nito. Ang alam niya lang ay matangkad ito.

Napigil ni Lorraine ang hininga. Ito na ba ang kanyang Prince Charming? May kung ano siyang

naramdaman na parang sinisiguro sa kanya na ito nga ang lalaking hinihintay niya.

Napatayo siya. Unti-unti ay nawala ang mga usok sa paligid. Muling napigil ng dalaga ang hininga. Hindi na siya makapaghintay na makita ang lalaking itinadhana para sa kanya. Ilang segundo lang ang hinintay niya para tuluyang mawala ang mga usok sa pagitan nila. At napangiti siya nang mapagmasdan ang lalaking nasa harapan.

Ngumiti rin ito sa kanya.

“Hi! Ano nga pala’ng pangalan mo?” tanong niya rito.

Bumuka ang bibig ng estranghero para sagutin siya.

“Happy Birthday, best friend!” sigaw ni Michelle na nagpagising sa natutulog na si Lorraine. Hinipan pa nito ang torotot na dala, niyugyog siya at ginalaw-galaw ang kama para magising siya.

Inis na nagmulat ang dalaga ng mga mata. Bumangon siya sabay tili sa sobrang pagkainis nang makita ang best friend na nambulabog ng pagtulog niya.

Tinakpan ni Michelle ang tainga para makaiwas sa tinis ng kanyang boses.

“Alam mo bang ang sarap mong sakalin at ihagis sa labas ng bintana?” Nandidilat ang mga mata niya sa sobrang inis.

Tinaasan lang siya nito ng kilay at walang paalam na hinablot ang unan na nasa likod niya. Nahulog sa sahig ang isang rosas na kumapit saglit doon dahil sa tinik nito. Ang dalawa pang rosas ay naiwan sa kama. Medyo pisat na dahil sa bigat ng kanyang ulo at ng unan.

“Ginawa mo na naman ’yang roses and dreams mo?” nakataas ang kilay na kumpirma nito. Ito ang nagbansag ng ganoon sa nakaugalian niyang gawin.

“Alam mo bang sasabihin na sana niya ang pangalan niya sa ’kin? Kung di mo lang ako ginising na bruha ka, hindi mapuputol ang panaginip ko!” sigaw niya.

“Hello?!” Nainis na rin ang kaibigan sa inasal niya. “Limang taon mo nang ginagawa ito at lagi na lang napuputol ang panaginip mo d’un sa eksenang tinatanong mo na ang pangalan ng lalaki. Kaya ’wag na ’wag mong isisisi sa ’kin kung bakit nagising ka, dahil kahit hindi ko gawin ’yun, magigising ka rin

nang kusa.”

Natahimik si Lorraine; na-realize na may punto ang kausap, simula noong mag-debut siya ay palagi niyang ginagawa ang sinabi ng kanyang Tita Flor tuwing sumasapit ang birthday niya. Pero laging hanggang doon lang ang panaginip. At ang nakakainis pa, hindi niya na matandaan pa ang hitsura ng lalaking nakita niya sa panaginip.

“Sige nga, sabihin mo sa ’kin, natandaan mo ba ang mukha ng *mapapangasawa* mo ngayon? Kung oo, puwede mo ’kong sakalin,” hamon ni Michelle sa kanya. May diin pa ang pagkakasabi nito.

Umangat ang kanyang ulo at hopeless na tiningnan ang dalaga.

“See? Tama ako. Hindi mo na naman natandaan ang mukha niya,” kumpirma nito at naaawang napailing.

“Maaaring nakalimutan ko ngayon, pero kapag nakita ko na siya personally, makikilala ko siya agad Michelle. Trust me.”

“Lorraine naman!” parang napapagod na sabi nito. “Limang taon mo nang ginagawa ’to, hindi ka pa ba nagsasawa? Lagi ka na lang nagigising na ganyan ang hitsura kapag birthday mo.”

Napasimangot siya sa sinabi ng babae. Nakatama na naman ito. Sa tuwing nagigising siya na hindi naaalala ang mukha ng lalaki at napuputol ang panaginip ay naiinis siya. Paulit-ulit na lang sa loob ng limang taon ang eksenang ganito. Gigising siya na galit at desperado sa araw ng birthday niya.

Minsan nga, sa pagiging desperado ay ginawa niya ang roses and dreams kahit hindi niya birthday. Pero sa pagtataka niya, hindi man lang siya nanaginip sa gabing gaya niyon. Weird.

“Hindi mo kasi maintindihan, eh,” giit niya. “Hindi ka ba nagtataka kung bakit tuwing birthday ko lang ’to nangyayari? Dahil rin dito kaya happy ngayon si Tita Flor.”

Itinirik ni Michelle ang mga mata nito. “Hindi mo rin ba naaalala ang sinabi ng Tita Flor mo? Hindi niya sigurado kung totoo nga ba ’yan. Maaaring nagkataon lang sa kanya. Sinabihan ka na niyang huwag gawin ’yan pero mapilit ka pa rin.

“O, sige, ipagpalagay na nating totoo nga ’yang ritwal mo. Pero, Lorraine, hindi mo ba napapansin kung bakit hindi hinahayaan ni Lord na maalala mo ’yung lalaking sinabi mong nakatadhana sa ’yo? Bakit ’ka mo? Dahil ayaw niyang sayangin mo ang buhay mo sa paghihintay sa lalaking ’yun. Sa ngayon, i-enjoy

mo muna ang buhay mo. Sagutin mo 'yung mga manliligaw mo na gusto mo. Hindi 'yung naghihintay ka sa isang taong ni hindi mo nga alam kung totoo o gawa-gawa lang ng imahinasyon mo. Kung totoo nga ang roses and dreams, magkakatuluyan at magkakatuluyan pa rin kayo kahit na may asawa ka na just like what happened to Tita Flor.

“May tamang oras para sa lahat. Huwag mo namang pangunahan ang Panginoon. Ni hindi mo pa nga nararanasang ma-heartbroken. Paano ka magiging strong niyan kung hindi mo pa nararanasang masaktan?”

“Hindi ko naman pinapangunahan si Lord, eh. At mas lalong alam ko na may tamang oras para sa lahat. Masama ba 'yung gusto ko lang siguruhin na magiging masaya 'yung future ko? Parang hula. Bakit ba nagpapahula ang mga ibang tao? Dahil gusto nilang paghandaan ang possible future nila. Gan'on din ang ginagawa ko,” pagtatama ni Lorraine. Naniniwala talaga siya sa sinasabi ng Tita Flor niya. “And correction please, I am a strong person. Hindi ako makaka-graduate ng BS Accountancy at makakapasa sa board exam kung mahina ako.”

“When it comes to studies, oo. Matapang ka nga. Eh, sa ibang aspeto ng buhay? Kaya mo ba?”

“S’abi mo nga, may tamang panahon para sa lahat ng bagay. Sa ngayon, hindi ko pa nasusubukan ’yun pero darating ang oras na mararanasan ko rin ’yang sinasabi mo. Just relax, okay?” nakangiting sabi niya sa kausap. Alam niyang concern lang si Michelle sa kanya at nagpapasalamat siya roon.

Tumayo na si Lorraine mula sa kama. Dinampot ang mga rosas at itinapon sa trash can na nasa loob ng banyo.

Oh well, sa susunod na taon na naman! Baka malaman ko na ang name niya at matandaan ko ang mukha.

Simula nang gawin niya ang sinabi ni Tita Flor noong debut niya at masigurong hindi si Adrian ang mapapangasawa niya ay hiniwalayan niya na ang lalaki. Pagkatapos niyon ay wala na siyang naging boyfriend pa. Ginugol niya na lang ang oras sa pag-aaral at sa paghihintay ng kanyang *Prince Charming*.

“Maghanda ka na ha? Baka ma-late tayo. Ang dami pang reports na kailangan nating tapusin sa office,” ani Michelle saka lumabas na ng kuwarto.

Itinuturing na nitong pangalawang bahay ang bahay nila. Ganoon din naman siya sa bahay ng mga ito.

Tapos na siyang maligo at magbihis nang bumaba ng kuwarto. Nabungaran niya sa kusina si Michelle na nagmamasid at nakikipagkuwentuhan sa mommy niyang si Leonor na nagsisimula nang mag-bake ng cake para sa salu-salo nilang mag-anak mamayang gabi. Nakahanda na rin ang tapsilog sa mesa para sa kanya.

Simula nang mag-twenty siya ay hiniling niya sa mga magulang na kaunting salu-salo na lang ang gawin kapag birthday niya. Na-realize niyang gastos lang kapag magpa-party. Nakakapagod pa.

“Good morning!” masayang bati ni Lorraine.

Napatingin ang dalawa sa kanya habang papasok siya ng kusina. Humalik siya sa pisngi ng ina.

“Good morning, anak. Happy Birthday!”

Umupo na siya para kumain at sinenyasan si Michelle na sabayan siya sa almusal. “Kumain na ’ko sa bahay,” nakangiting tanggi nito.

“Tumawag nga pala’ng Tito George mo. Happy Birthday daw.”

Napangiti siya. “Si Tito George talaga.” May isang anak na ito at ang Tita Melissa niya, pero

hanggang ngayon ay hindi pa rin ito nakakalimot kapag birthday niya.

“Tumawag din para ipaalam na ngayon daw ang dating ng Ate Laiza mo.”

Napatigil si Lorraine sa tangkang pagsubo. “Biglaan naman yata. Hindi man lang tayo pinasabihan nang maaga,” aniya at ipinagpatuloy na ang naudlot na pagsubo.

Dalawang taon nang nagtatrabaho sa Florida ang Ate Laiza niya bilang nurse, at sa Tito George nila ito nakatira.

“Ako man nagulat. Parang may problema ang ate mo. Hindi naman ’yun pauuwiin ng tito mo kung hindi talaga importante,” natigil ito sa paghahalo ng mga ingredients at bakas sa mukha ang pag-aalala sa panganay na anak. “Ano kaya’ng nangyari sa ate mo d’un?”

“Mommy talaga, hindi pa nga natin alam kung ano’ng totoong rason. Huwag ka munang mag-isip ng kung anu-ano diyan. Anong oras daw ba ang dating ng ate?”

“Ngayong ten o’clock. Kaaalis nga lang ng daddy mo dala ang kotse niya, nagmamadali dahil baka traffic ngayon at maghintay pa nang matagal sa

airport ang ate mo. Pinasasabi niyang hindi na kayo maihahatid.”

Napatango si Lorraine. Ang company car ang tinutukoy ng mommy niya na dala ng ama Nasa garahe pa ang pagmamay-ari nilang kotse pero hindi siya marunong magmaneho kaya hindi niya rin magagamit iyon ngayon. Dapat talaga ay magpaturo na siya kung paano mag-drive.

Excited na siyang makita ang nag-iisang kapatid. Two years lang ang agwat nila kaya hindi katakatakang malapit sila sa isa’t isa. Proud na proud siya sa kanyang ate. Nag-graduate itong *cum laude* at aminado siyang mas matalino ito kaysa sa kanya. Mabait ito sa lahat at masunuring anak. Kung tutuusin ay may pagkakapareho ang ugali nila, kaya nga silang dalawa ang paborito ng mga tito at tita nila mula sa parehong side. Mas ma-PR lang ito hindi katulad ni Lorraine na medyo mahiyain.

At kahit lamang ang kapatid sa kanya, kailanman ay hindi siya nagselos o nainggit dito. Kahit kailan, hindi ipinaramdam ng ate niya na lamang ito sa kanya, mahal na mahal siya nito. Kaya nga idol niya ang dalaga. Sa isang bagay lang siya lamang dito: Never pa itong nagka-boyfriend.

Napangiti siya.

Nag-undertime lamang sina Lorraine at Michelle kaya pagkatapos ng trabaho ay sinamahan ng huli ang dalaga na pumunta sa simbahan na malapit lang sa pinagtatrabahuhan para magdasal at magtirik na rin ng kandila. Dumaan na rin sila sa grocery para bumili ng ingredients na pinabibili ng mommy ng dalaga para sa lulutuin nito mamaya.

Dapat sana ay naka-birthday leave siya ngayon pero dahil marami silang trabaho ni Michelle, hindi niya na ginamit pa ang isa sa mga privileges ng kompanya. Nag-undertime na lang sila ng kaibigan upang masamahan siya nito. Wala pang three o'clock ay nakauwi na ang dalawa.

“Ikaw na muna’ng magbayad,” nakatawang sabi ni Lorraine sa kaibigan nang huminto ang taxi sa harap ng bahay ng mga ito.

“Ano pa ba’ng magagawa ko eh birthday mo ngayon?” nakalabing sagot ng best friend at dumukot na ng pera sa bulsa.

Bitbit ang isang shopping bag ay nauna na siyang bumaba ng taxi. Napansin niyang bukas ang gate nila at nakaparada na ang kotse ng daddy niya sa garahe. Senyales na dumating na ang kanyang Ate Laiza.

Mabilis siyang naglakad papasok ng bahay. Para lang mapahinto nang isang lalaki ang lumabas mula sa pinto. Mukhang hindi siya nito napansin at dere-derechong lumapit sa kotse. Nakatalikod ito sa kanya. Binuksan nito ang compartment at ibinaba ang mga bagahe na sigurado siyang pagmamay-ari ng ate niya.

Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. Habang tulalang nakatitig sa likod ng binata. Kilala niya ang tindig na iyon. Nakapantalón ito at puting t-shirt.

Nabunggo si Michelle sa likod niya. May tinitingnan ito sa shopping bag na dala-dala kaya hindi nito napansin na huminto siya.

“O, bakit nakatayo ka lang diyan?” takang tanong nito at sinundan ang tinitingnan ni Lorraine. “May kasama yata ang ate mo,” konklusyon ng kaibigan sa nakitang lalaki.

Napaharap ang estranghero sa kanila. Saglit lang itong nagulat nang makita sila pagkatapos ay ngumiti na.

Para siyang hihimatayin. Gusto niya nang mamatay sa sobrang saya! Bumilis lalo ang pintig ng kanyang puso. Parang nahihirapan siyang huminga. Ang makakapal na kilay nito, ang mapula at manipis na labi ng lalaki, ang matangos nitong ilong at ang

wavy hair nito. Maputi ito pero mas maputi pa rin siya sa lalaki. Ito nga ang lalaking mapapangasawa niya! Ang lalaking nakikita niya sa kanyang panaginip sa gabi bago ang bawat birthday niya!

“Lorraine, okay ka lang?” tanong ni Michelle sa nakatulalang dalaga. Nagtatakang tumingin ito sa papalapit na binata. Bahagya siya nitong itinulak sa pag-asang matatauhan siya.

Natauhan nga si Lorraine. “Huh?”

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?”

Hindi na niya nasagot ang tanong ng kaibigan dahil nasa harapan niya na ang nakangiting binata.

“Hi! Lorraine, right?” tanong ng binata at inilahad ang kanang kamay rito.

“P-paano mo nalaman?” Parang wala pa rin sa sarili na tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

“And you are?” Bumaling ang binata sa kaibigan niya.

“Michelle. Best friend ni Lorraine,” simpleng sagot nito.

“Clark,” tipid nitong pakilala sa kanila saka ibinalik ang tingin sa kanya. “Your sister talks a

lot about you kaya kilala na kita. And also, nakita ko na rin ang picture mo. Mas maganda ka pala sa personal.”

“Ang Ate Laiza ko? Kilala mo siya?” gulat na tanong niya. All along, kilala pala ng kanyang ate ang lalaking ito!

“Yup. Pareho kaming nurse sa isang ospital sa Florida. D’un kami nagkakilala.”

Bakit hindi niya man lang ito nakita sa mga pictures na pinapadala ng ate niya kung ganoon nga? Kung minsan ay nagpapa-picture ito kasama ng mga katrabaho sa ospital.

Biglang lumabas ng bahay ang kapatid. “Clark, nakuha mo—Lorraine!” Puno ng tuwa ang mukha ng kapatid nang makita siya. Patakbo itong lumapit sa kanila. Napansin niyang medyo tumaba ito nang kaunti. Hinalikan siya nito sa pisngi at niyakap. “Gumaganda yata ang kapatid ko! Happy Birthday!”

Hindi nito napansin na parang wala pa rin siya sa sarili. Lumapit ito kay Clark at ikinawit ang kaliwang kamay rito. “I see, you’ve met my future husband already.” Nakangiting tumingin ito sa lalaki bago sa kanya.

Parang bombang sumabog sa mukha niya ang

sinabi nito. “Your what!”

Nagulat ang tatlo sa tono niya na parang galit.

“M-my fiancé...W-why? May problema ba?” naguguluhang sagot ni Laiza; nagtaka sa naging reaksyon niya.

Nang marinig ang kompirmasyon ng kapatid, tuluyan nang nahimatay si Lorraine.

2

Nang magmulat ng mga mata si Lorraine ay nasa loob na siya ng kuwarto. Nakapaligid sa kanya ang mga magulang, si Michelle, ang Ate Laiza niya, at si Clark. Tiningnan niya isa-isa ang mga ito. Napako ang tingin niya sa binata.

“Ano ba’ng nangyari sa ’yo? Hinimatay ka na lang bigla,” tanong ng kanyang ama.

Tumingin siya rito. “Baka po sa sobrang pagod. Late na rin po kaming nag-lunch ni Michelle kanina dahil marami kaming ni-rush na reports.”

“Yan na nga ba ang sinasabi ko sa inyo, eh. Wala kayong pahinga. Pagkatapos n’yong maka-graduate eh sumabak agad kayo sa review, ’tapos trabaho agad. Aba’y hindi kayo mga robot na hindi kailangang magpahinga!” sermon ng mama niya.

“Magpahinga ka na lang muna ngayon, okay? Happy Birthday ulit.” Nakangiting hinawakan ng kanyang ate ang kamay niya at nauna nang lumabas ng kuwarto kasama ang fiancé nito.

Sinundan niya ng tingin si Clark na nahuhuli sa pareha.

“Tatawagin na lang namin kayo kapag nakahanda na ang mesa,” anang mommy niya at lumabas na rin ng silid kasama ang daddy niya.

Biglang bumangon si Lorraine nang silang dalawa na lang ng kaibigan ang naiwan. “Nakita ko siya, Michelle.”

Naguguluhang napatingin sa kanya ang kaibigan. “Sino?”

“Yung mapapangasawa ko.”

Nanlaki ang mga mata nito. Hindi makapaniwala na maaaring tama nga ang sinasabi niya. “Kelan? Saan? Sino? Kanina sa grocery o sa simbahan?”

“Si Clark.”

Namilog ang mga mata nito sa gulat. “Ang future husband ng ate mo?”

Nanghihinang napatango siya. Para na siyang maiiyak. Pakiramdam ni Lorraine ay pinaglalaruan ng tadhana ang kanyang buhay. Dapat pa ba niyang paniwalaan ang roses and dreams na sinasabi ng tiyahin? In the first place, bakit ba niya iniasa ang lovelife niya sa panaginip na iyon? Ano ang napala niya? Kabiguan lang. Hindi pa man nagsisimula ang kanyang love story, nasaktan na siya.

Na-realize niya na ngayon kung gaano siya kaboba. Imagine, limang taon ang sinayang niya sa isang lalaking pagmamay-ari na pala ng iba? Ang mas masama pagmamay-ari pa ng ate niya!

Naaawang tiningnan siya ni Michelle. “Ano’ng gagawin mo ngayon?”

“Ano ba’ng dapat kong gawin? Alangan namang agawin ko siya kay Ate? Ang sama ko naman n’un.”

“S’abi ko naman sa ’yo eh, huwag kang magpapaniwala diyan. Nagkataon lang ’yung nangyari sa Tita Flor mo. Kung bakit naman kasi sinunod mo pa. ’Ayan tuloy ang nangyari sa ’yo”

“Alam ko naman, eh. Sermonan pa ’ko?” naiinis na sabi niya rito. Imbis na damayan siya ay ito pa ang sinasabi sa kanya.

“Hindi kita sinesermonan. Ang sinasabi ko lang, kung nakinig ka sana sa ’kin.”

“Alam ko, okay? Hindi mo na kailangan pang ipamukha sa ’kin ang kagagahan ko,” naiinis nang sabi niya saka bumalik na uli sa pagkakahiga. Tinalikuran niya ang kaibigan.

“I guess mainit ang ulo mo ngayon. Bababa na ’ko.” Naramdaman niyang tumayo na si Michelle.

Hindi niya intensyong mainis dito. Nagagalit si Lorraine sa sarili at sa nangyayari sa buhay niya ngayon. All because of that stupid belief. Bakit hindi niya naisip na iba-iba ang kapalaran ng tao? Nakilala ng kanyang Tita Flor ang Tito Raul dahil doon pero hindi ibig sabihin, magiging ganoon din ang kapalaran niya.

Kung nandito lang sana ang tiyahin, hihingan niya ito ng payo. Pero nasa San Francisco ito at doon na nakatira. Tanging silang tatlo lang ni Michelle ang nakakaalam ng kanyang ginagawa.

Naluluha at nakokonsensyang humarap siya sa kaibigan na papalabas na sana ng kuwarto. “Michelle...”

Lumingon ito.

“Sorry...” tanging nasabi ni Lorraine at inilabas na ang kanina pa pinipigilang pag-iyak.

Naaawang lumapit si Michelle sa kanya. Niyakap siya nito at hinagud-hagod ang likod. “Shh... Tama na. Hindi mo naman hawak ang mga pangyayari, eh. Kalimutan mo na lang siya.”

“N-ngayon ko lang aaminin sa ’yo, Michelle... mahal ko na si Clark kahit n’ung hindi ko pa man siya nakikita nang personal. Naka-set na ang utak at

puso ko na siya lang ang lalaking para sa 'kin. Hindi ko alam kung paano siya makakalimutan at maiaalis sa puso ko." Lumakas lalo ang kanyang iyak dahil sa pag-aming ginawa niya.

"Makakaya mo 'to. 'Andito lang ako. Hindi kita iiwan," pangako nito sa kanya.

"P'wede ba tayong mag-usap?" tanong ni Laiza sa kapatid. Nakatayo ito sa tabi ng nakaupong dalaga.

Tipid na ngumiti si Lorraine kasabay ng pagtango rito. Pagkatapos ng salu-salo at maihatid si Michelle hanggang labas, naisipan niyang maglagi muna sa may grotto at nang mapag-isa. Nakatingin lang siya sa kawalan at blangko ang utak.

Umupo ito sa kanyang tabi. Ilang minuto sila sa ganoong sitwasyon bago nakuhang magsalita ng kapatid. "Napansin kong wala kang ganang kumain kanina. Hindi ka rin kumikibo. Ako yata ang sumira sa birthday mo. Alam kong nagtatampo ka sa 'kin dahil hindi ko man lang nasabi sa inyo ang tungkol kay Clark. Malapit pa naman tayo sa isa't isa, pero hindi ko man lang nakuhang ipagtapat 'yun sa 'yo."

Tumahimik lang si Lorraine. Hinayaan niya na lang ito sa inakala nitong rason kung bakit siya tila

nagtatampo kanina. Kahit may isang parte sa kanya na nakaramdam nga ng ganoon dahil sa paglilihim ang kapatid, pero mas malaking bahagi niya ang nagagalit dahil sa natuklasang kaugnayan nito kay Clark.

“Nagpapasalamat na nga lang ako na napilit ko si Clark na huwag muna kaming magpakasal kahit gustung-gusto niya na. Alam kasi niya kung gaano kakonserbatibo ang pamilya natin.”

Gulat na napatingin siya bigla sa kausap dahil sa sinabi nito.

Tumingin ito sa kanya saka malungkot na ngumiti. “I’m three months pregnant, Lorraine. At si Clark ang ama.”

Sumabog ulit ang ikalawang bomba sa mukha niya. Buntis ang kanyang ate sa lalaking lihim niyang minamahal?

Umiwas siya ng tingin dito. Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha sa isa niyang mata. Dali-daling pinahid niya iyon bago pa man makita ng kapatid.

“A-alam na ba ’to nina Daddy?” nakuha niyang itanong.

Nakita ng dalaga sa sulok ng kanyang mga mata

na tumango ang ate niya.

“Nag-usap kami nang masinsinan kasama si Clark pagdating namin. Disappointed sila, siyempre. Lalo na si Mommy. Pinalaki niya tayo na nakatanim sa utak natin ang kahalagahan ng pagiging birhen hanggang sa maikasal tayo. Nagpapasalamat na lang sila na hindi tinalikuran ni Clark ang responsibilidad sa ’kin.” Tumulo ang luha ng kausap. “I’m such a failure, sis. Binigo ko kayong pamilya ko. Ito pa ang iginanti ko sa lahat ng kabutihang ginawa nina Mommy’t Daddy. Hindi ako naging isang mabuting halimbawa sa ’yo.” Yumugyog ang mga balikat nito.

Nalusaw ang puso ni Lorraine sa nakita at niyakap ang kapatid, isinantabi ang kabiguan ng kanyang puso. Mahal ng ate niya si Clark, at mahal din ito ng binata. Hindi siya selfish. Mas mahalaga sa kanya ang kaligayahan ng dalawang taong importante sa kanya. Hindi siya ang magiging dahilan para mawasak ang magiging pamilya ng kapatid.

“Ate, wala na sa ’kin ’yun. Nagulat lang ako pero hindi ako galit.”

“Pati si Tito George, binigo ko. Sinisi niya ang sarili dahil sa nangyari sa ’kin. Nahihiya daw siya kina Mommy dahil hindi raw niya nagampanan ang pagiging guardian sa ’kin,” patuloy ng kausap saka

mas lalong umiyak sa kanyang mga balikat.

“Ate, ’wag ka nang umiyak please. Baka makasama pa sa baby.”

Ilang minuto muna itong umiyak sa balikat niya bago tumigil nang kusa.

“Laiza...”

Nakita niya si Clark na papunta sa kanila. Nakadamit pantulog na ito.

“Ano’ng ginagawa mo dito? Gabing-gabi na. Matulog na tayo,” aya ng lalaki sa ate niya. Inalalayan pa nito sa pagtayo ang kapatid niya at walang paalam na iniwan siya sa garden. Para siyang invisible dahil hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin kahit saglit. Nakatutok ang atensyon ni Clark sa kanyang ate. Para isang babasaging kristal ang huli kung hawakan ng binata. Ingat na ingat.

Malungkot na sinundan niya ng tanaw ang dalawa.

“Hi.”

Inangat ni Lorraine ang mukha mula sa pagkakasubsob sa librong binabasa. Nasa garden

siya nang hapong iyon.

Si Clark ang nakita niyang nakatayo sa harapan niya. May dala itong pineapple juice in-can at isang platito ng salad na natira nang nakaraang gabi. Inilapag nito ang mga dala sa mesa at umupo sa kanyang harapan. Kinabahan ang dalaga dahil sa presensiya nito. Nakasando lang na white at boxer shorts ang binata. Ano bang approach ang gagawin niya rito? Pagsupladahan? Kaibiganin? Balewalain? Boyfriend ito ng ate niya, at pangit kung aawayin niya ang lalaki para lang itago ang nararamdaman para rito.

“Si Ate Laiza?” tanong niya.

“Nagpapahinga na. Para sa ’yo nga pala,” tukoy nito sa dinalang pagkain.

“Thanks,” tipid niyang sagot. Dinampot ni Lorraine ang lapis at nagkunwaring may kino-compute sa kanyang journal.

“Kumusta’ng trabaho?” tanong nito para may mapag-usapan sila.

“Okay lang,” tipid uling sagot niya na hindi man lang tumingin dito.

“Ah...” Napatangu-tango ito. “Palagi kang

ikinukuwento sa 'kin ng ate mo. Matalino ka raw, masayahing tao at paborito ng lahat ng tito't tita n'yo."

"Pareho lang naman kaming paborito ng mga tita namin," malamig niyang tugon.

"Pero mas ikaw daw ang nilalapitan. Malambing ka raw kasi."

Hindi na lamang siya sumagot.

"Mahirap ba ang Accountancy?"

"Depende sa tao. Tiyaga lang at pasensya."

"Para rin palang Nursing. Tiyaga at pasensya. N'ung nagre-review nga ako halos madaling araw na ako matulog sa kame-memorize at kababasa ng libro," kuwento nito na nakangiti pa.

Tumingin si Lorraine sa lalaki pero hindi pa rin inangat ang ulo. Hindi ba ito nakakahalata na ayaw niyang makipag-usap? Walang paalam na niligpit niya ang mga gamit sa mesa at tumayo. Humakbang siya papasok sa loob ng bahay.

"Sandali..." pigil sa kanya ni Clark at hinawakan ang kanang kamay niya.

Tiningnan iyon ng dalaga.

Nahihiyang tinanggal nito ang pagkakahawak sa kamay niya. “Galit ka ba sa ’kin?”

Mataman niya itong pinagmasdan. “Bakit mo naman nasabi ’yan?”

“Kagabi pa kasi kita napapansing aloof sa ’kin. Para tuloy nagdududa ako kung ikaw si Lorraine na palaging kinukuwento ng ate mo. Galit ka ba dahil nabuntis ko ang ate mo bago ko siya pakasalan?”

“Ayoko lang na iniistorbo ako kapag ganitong may ginagawa ako,” malamig niyang sagot dito saka tumalikod na.

“Hindi ba tayo puwedeng maging magkaibigan man lang? Maging close? Puwede mo ’kong tawaging ’kuya’ kung gusto mo. Malapit na rin naman akong maging asawa ng ate mo kaya parang kapatid na rin kita.”

Napatigil siya sa narinig. Kapatid? Ni sa hinagap ay hindi niya naisip na maging kuya ito!

“Hindi ako naghahanap ng kuya. Kontento na ’ko sa Ate Laiza ko.”

“Ano ba talaga’ng problema mo? Hindi kita maintindihan. Pananagutan ko naman ang ate mo at hindi ko siya pababayaan. Okay na sa ’kin ang parents

n'yo pero bakit ikaw ay hindi?" Kumunot ang noo ng kausap. Halatang nag-uumpisa na itong mainis sa inaasal ni Lorraine.

"Kung anuman ang problema ko, wala ka na d'un. Hindi ko responsibilidad na sabihin sa 'yo." Hindi man lang siya lumingon dito at nagtuluy-tuloy na sa pagpasok sa bahay.

Nakaharap sa salamin si Lorraine at naghahanda na sa pagpasok nang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto.

"Pasok."

Bumukas ang pinto at iniluwa ang Ate Laiza niya na nakangiti.

"Puwede ba kitang maistorbo saglit?"

"Basta ikaw, Ate. Nanginginig pa!" pabirong sagot niya.

Nakapag-isip na siya nang nakaraang gabi. Kung mayroon mang dapat na sisihhin sa nangyayari sa kanya ngayon, iyon ay walang iba kundi siya. Walang alam ang kapatid sa ginagawa niya nitong nakalipas na limang taon kahit na ba close sila sa isa't isa. Hindi ito naniniwala sa destiny kaya alam niyang

pagtatawanan lang siya nito kapag nalaman nito ang totoo. At isa pa, ang Ate Laiza niya at si Clark ang unang nagkakilala kaya dapat lang na ang mga ito ang magkatuluyan.

Tuluyang pumasok sa silid ang kapatid. Umupo ito sa kama at pinagmamasdan siya habang nagsusuklay siya sa harap ng salamin.

“May hihingin sana akong pabor sa ’yo, sis.”

Inilapag ni Lorraine ang suklay sa mesa at humarap dito. “Sure! Ano ’yun?”

“Uuwi kasi ng Cavite ngayon si Clark para dalawin ang family niya. Ang kaso, hindi ako pwedeng sumama dahil medyo masama ang pakiramdam ko. Puwede bang ikaw na lang ang sumama sa kanya?”

Nahindik si Lorraine sa sinabi nito. Pinag-aaralan niya nang kalimutan ang anumang feelings na mayroon siya para kay Clark, at ang samahan ito sa Cavite ay hindi magandang ideya. Dahil ayaw niyang makilala pa nang mas maigi ang lalaki. Baka malaman pa niyang lovable pati ugali nito at hindi niya na mapigilan ang sariling umibig dito lalo. Tama na iyong maging civil lang sila sa isa’t isa.

“Ate! Alam mo namang may trabaho ako, di ba?”

“Alam ko naman ’yun, eh. Ang kaso, masama talaga ang pakiramdam ko ngayon. Kung okay lang ba naman ako, bakit pa kita iistorbohin?”

“Eh di, ipagpaliban n’yo muna ang pagbisita ng Cavite,” suhestiyon niya.

“Hindi nga puwede. Nakapangako siya na uuwi ngayon. Inaasaahan na siya ng mga kapatid niya.” Nagmamakaawa pati ang mga mata ng kaharap.

“Maiintindihan naman siguro ng kapatid niya ’yun. Umuwi na lang siya kapag nakapanganak ka na.”

“Hello? Three months pa kaya ang tiyan ko! Six months siyang hindi magpapakita sa kanila, eh, nandito na siya sa Pilipinas? Umuwi rin ang mga kapatid niya sa Cavite para lang makita siya. Sige na, sis. Ngayon lang ’to, promise! Please?”

“Eh, paano’ng trabaho ko? Hindi ako nakapagpaalam sa boss ko.”

“Ngayon lang naman, eh.”

“Bakit ba di na lang siya mag-isang umuwi sa kanila kung hindi ka puwede?” naiinis na sabi niya.

“Gusto kasi ng pamilya niya na makilala ako. Palagi na kaming nagkakausap sa phone noon kapag

naglo-long distance si Clark sa kanila.”

“Ate, hindi ako ikaw. Ikaw ang inaasahan nilang makita at hindi ako.”

“Kahit man lang isa sa pamilya natin ay makilala nila. Hindi rin puwede si Mommy dahil may lalakaran daw sila ngayon ng mga kaibigan niya. Si Daddy, may trabaho. Kaya ikaw na lang ang naisip ko. Pangit naman ’yung malapit na kaming ikasal ni Clark pero hindi pa nila nakikilala ang pamilya natin, di ba?”

“Ate...” Wala na siyang mahanap na ibang puwedeng idahilan.

“Sige. Huwag na lang.” Halata ang kalungkutan sa mukha ng kapatid. Tumayo na ito at nagsimulang humakbang palabas ng kuwarto niya.

Sumusukong napabuntong-hininga si Lorraine. Kapag ganoon ang pananalita ng kanyang ate, alam niyang nagtatampo na ito. “Sige na nga. Ako na’ng sasama kay Clark,” desisyon niya bago pa man makalabas ang nakatatandang babae. Hindi niya kayang makitang malungkot ito at may tampo sa kanya.

Mabilis pa sa alas kuwatrong humarap ulit ito sa kanya na nakangiti na. “Talaga?”

“Opo,” parang walang ganang sagot niya. “Ano pa ba’ng magagawa ko?”

Lumawak ang ngiti ni Laiza. Tumayo ito at niyakap siya. “S’abi na nga ba hindi mo ’ko tatanggihan, eh.”

“Oo na! Kung di lang kita mahal...” nakatawang aniya saka kumalas dito; natatakot na marinig nito ang malakas at mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Kinakabahan siya sa kahihinatnan ng lakad nila ni Clark.

Napansin niya ang katuwaan sa mukha ng kaharap. “May sakit ka nga ba? Parang nag-iinarte ka lang ata, eh. Baka naman pinaglilihian mo ’ko.”

Tinampal nito ang braso ni Lorraine. “Masama talaga ang pakiramdam ko. Masaya lang ako dahil pinagbigyan mo ’ko. Thank you, sis!”

Nailing na lang siya.

3

“Salamat at sinamahan mo ’ko,” sabi ni Clark kay Lorraine noong nasa biyahe na sila.

Pinagamit ng daddy niya ang kotse nito. Hinatid pa sila ng ate at mommy niya hanggang sa garahe. Ang kanyang ama naman ay nasa trabaho na. Manager ito sa isang telecommunications company.

Bago umalis ay tinawagan muna ng dalaga ang boss niya para sabihing hindi siya makakapasok. Inirason niyang may sakit siya at kailangang magpahinga. Saka niya na lang iisipin kung paano siya makakapag-provide ng medical certificate sa amo.

“Hindi lang talaga ako makatanggi sa ate ko,” tipid niyang sagot nang hindi man lang tinitingnan ang katabi. Derecho ang tingin niya sa harapan.

Tahimik lamang sila. Isang oras pa ang titiisin ni Lorraine para makasama ito kapag minalas-malas na may heavy traffic. Maliban sa naging engkwentro nila sa garden ay ngayon lang ulit sila magkakausap at magkakasama nang matagal-tagal, kaya hindi niya pa alam kung paano aakto sa harap ng lalaki.

Kung ibang tao lang ang kasama niya, siya pa ang magsisimula ng topic. Pero hindi ibang tao si Clark. Siguro ay hihintayin niya na lang na ito ang unang magbukas ng usapan.

“Baka naman magka-stiff neck ka na sa ginagawa mo n’yan,” untag ng lalaki. Naputol ang daloy ng pag-iisip niya. “Pasensya na at kailangan mong pagtiisan ang kagwapuhan ko ha?”

Natawa siya nang mahina sa sinabi nito. “Hindi rin naman masyadong makapal ’yang pagmumukha mo, ano?”

“Hindi naman. Mahiyain pa nga ako, eh,” pagsakay nito sabay kinindatan pa siya. Mas lalo itong gumwapo sa ginawa.

Napailing na lang ang babae at napangiti. Hindi pinahalatang nagsisirko na ang kanyang puso sa ginawa ng kasama.

Hay, naku! You’re doomed, Lorraine!

“Dapat ganyan ka palagi. Mas gumaganda ka kapag nakatawa.”

Nabura ang ngiti ni Lorraine. Nag-iwas ang dalaga ng tingin dahil sigurado siyang nagba-blush na siya.

Paano niya ba maiaalis sa puso ang binata? Wala pa man itong ginagawa sa kanya ay parang tumitindi na ang pagmamahal niya rito. Umiwas man siya dito o hindi, ganoon pa rin ang mangyayari. Magiging parte na ito ng pamilya nila, wala na siyang magagawa roon.

“Pasensya ka na nga pala sa inasal ko kahapon. Wala lang ako sa mood makipag-usap n’on,” sambit niya.

“Okay lang ’yun, I understand. Akala ko, galit ka dahil sa nangyari sa ’min ng ate mo.”

Natahimik si Lorraine. Galit nga ba siya? Hindi. Mas tamang sabihin na galit siya sa sarili.

“Nagpapasalamat nga kami at hindi mo tinakasan si Ate. Bihira na lang ang lalaking gan’un. Imagine, iniwan mo’ng trabaho mo sa Florida para sa kanya. Mahal na mahal mo siguro ang ate ko?”

“Mahal na mahal. Lagi kaming nagdadamayan n’ung nasa Florida kami.”

Parang punyal na paulit-ulit siyang sinasaksak sa puso ng sagot nito. Gaga talaga siya. Bakit ba itinanong niya pa ’yun?

“Paano nga ulit kayo nagkakilala?”

“Pareho kaming nurse sa isang hospital. N’ung first day ko sa work, si Laiza ang unang taong nakipagkaibigan sa ’kin. Napalagay agad ang loob ko sa kanya. Madaldal kasi ang ate mo at feeling niya close talaga kami n’ung mga panahong iyon kahit na kakakilala lang namin. Natuwa ako sa kanya at nagustuhan ko ugali niya. Simula n’on, lagi na kaming magkasama.”

Napatango si Lorraine. Ganoon talaga ang kapatid; magaling magdala ng tao, madaldal at masayahin... katulad niya. Kung sila pala ang unang nagkakilala ni Clark ay baka siya ang unang magugustuhan nito.

Stop it, Lorraine! Mahiya ka naman! Pag-aari na ’yan ng ate mo!

“Nagka-boyfriend ka na ba?”

“Once pa lang. N’ung first year college ako.”

“Ano’ng nangyari?” Tumingin ito sa kanya saglit.

Hiniwalayan ko dahil hinintay kita, anang isip niya. “Wala lang. Na-realize ko na lang isang araw na hindi ko pala siya mahal.”

“Ilang buwan ang tinagal ng relationship n’yo?”

“Mahigit one month,” tipid niyang turan.

“Ang tindi mo naman pala. Madali kang magsawa,” naiiling na sabi ng lalaki.

Na-discourage ba si Clark sa kanya?

Eh, ano naman ngayon? Does that make a difference! bawi agad ng isip niya.

“Hindi naman. Mas priority ko lang noon ang pag-aaral ko.” Hindi siya nakatiis na hindi depensahan ang sarili.

“Kunsabagay, bata ka pa n’ung mga panahong ’yun. Dapat talagang pag-aaral ang unahin. Ako nga, twenty-six na ngayon pero dalawa pa lang ang naging girlfriend ko.”

“Talaga? Ilang taon ka ba n’ung una kang magka-girlfriend?” amused na tanong niya. Mukhang ang tindi naman yata nitong ma-in love.

“Nineteen. Tumagal nang isang taon ang relationship namin. One year na namahinga ang puso ko bago ko nakilala si...” Bigla itong napatigil sa pagsasalita.

Hindi napansin ni Lorraine ang reaksiyon ni Clark dahil nakatingin ito sa daan.

Siya na ang tumapos ng sinabi nito. “Bago mo nakilala ang ate ko? One year na ba ang relationship

n'yo?"

Matagal bago ito sumagot. "Mahigit one year na."

Matindi nga ito kung magmahal. Ang swerte naman ng kapatid niya. May kurot siyang naramdaman sa kanyang puso. Agad niya iyong isinantabi.

Nagkunwari siyang humihikab.

Napatingin ang katabi sa kanya. "Inaantok ka?"

Tumango si Lorraine. "Madaling araw na 'ko natulog. Puwede bang umidlip muna 'ko?" hingi niya ng permiso. It was partly true.

"Sige. Traffic pa kaya medyo matatagalan tayo. Tulog ka muna at gigisingin kita kapag nasa Imus na tayo."

Umayos siya ng upo. Isinandig ang ulo at ipinikit ang mga mata. Mas mabuti na iyon kaysa kausapin ito. Masasaktan lang siya sa mga malalaman niya.

Narinig ng dalaga ang isang malamyos na musika mula sa stereo ng kotse. Nagpatugtog pala ang lalaki. Marahil para makatulog siya nang maayos.

Kusang nagmulat ng mga mata si Lorraine. Nakaidlip nga siya nang tuluyan.

“Gising ka na pala. Gigisingin na sana kita.”
Ngumiti si Clark sa kanya.

Bahagya siyang nag-inat at tumingin sa labas ng bintana. Nang hindi na pamilyar sa kanya ang lugar ay bumaling siya sa binata. “Nas’an na tayo?”

“Nasa Imus na. Konti na lang at nasa bahay na tayo.”

Sinipat niya ang kanyang relo. Ten o’clock na. Mahigit isang oras nga ang naging biyahe nila.

Hindi nagtagal ay pumasok na sila sa isang village. Magaganda ang mga bahay roon. Hindi ganoon kalalaki pero mahahalata talaga na nasa upper middle class ang mga taong nakatira roon. Hindi nagtagal ay inihimpil ni Clark ang kotse sa isang two-storey house. Malawak ang garden ng bahay.

“Tayo na lang pala ang kulang. ’Andito na ang mga kuya ko,” nasabi ni Clark nang mapansin ang apat na nakaparadang kotse sa harapan nila.

Bumaba na ito ng kotse at dali-daling umikot sa lugar ni Lorraine. Pero bago pa man nito mabuksan ang pintuan para sa kanya, naunahan na niya ito.

“Mukha naman palang mayaman kayo. Bakit

naisipan mo pang mag-abroad?” wala sa loob na tanong niya habang pababa ng kotse. Nasa tabi na niya ang binata.

“Ano bang mayaman?” natatawang sabi nito sa kanya. “Akala mo lang ’yun. Kung may pera man kami, hindi ko naman pagmamay-ari ’yun. Pinaghirapan ’yun ng mga magulang ko.” Hinawakan siya nito sa siko at iginiya sa green gate na daanan ng tao.

Pasimple siyang lumayo sa lalaki dahil para siyang nakuryente. “Eh, bakit ba nagsisikap ang mga magulang? Magiging sa inyo rin naman ’yun balang araw.”

“Buhay pa parents ko. Para namang gusto mong patayin na agad,” natatawang sabi nito saka nag-doorbell na.

Hindi nagtagal ay bumukas ang gate at isang may-edad ng babae ang lumabas. Nakadamit-pambahay pa ito at naka-apron. Hula niya ay ito ang mother ni Clark. Kahit na may edad na ito ay maganda pa rin ang ginang, kahit pa hindi nag-aayos. Simple lamang ito. Lumarawan sa mukha nito ang saya nang makita ang binata.

“Anak!” Yumakap ito sa huli.

Nakangiting gumanti rin ng yakap si Clark.

“Salamat at nakauwi ka na! Kumusta?” Matapos ang ilang sandali ay kumalas ito. Pagkuwa’y tumingin ito sa kanya nang nakangiti at pagkatapos ay sa kotse na nasa likod nila. Tila may hinahanap. “Si Laiza?”

“Hindi po nakasama, Mama. Masama kasi’ng pakiramdam, eh.”

“Gan’un talaga kapag buntis. Ang daming nararamdaman sa katawan lalo na sa panahon ngayon. Eh, kumusta naman siya?”

“Okay naman po. Hindi ko na nga pinagkikilos, eh. ’Andyan din po ang mommy niya para alagaan si Laiza. Ma, si Lorraine po, nakababatang kapatid ni Laiza. Lorraine, ang mama ko,” pakilala nito. Hinawakan pa siya ng binata sa baywang.

“Kaya pala magkamukha sila ni Laiza. Kumusta, hija?” nakangiting tanong nito.

Siya na ang nag-initiate na magkipagbeso-beso rito para na rin mapalis ang kamay ni Clark na nakahawak sa kanya. “Okay lang po.”

Pinatuloy na sila nito. Masasabi ngang maykaya ang pamilya ng magiging bayaw. Pagdating sa living room ay iniwan na sila ng ginang para tumuloy sa kusina. May mga tao na roon. Hula niya ay mga kapamilya iyon ng kasama. Ang sinabi ng kanyang

ate, puro lalaki raw ang mga kapatid ng nobyo nito at si Clark ang bunso. Mukhang may asawa na ang lahat. May mga bata rin na panay ang takbuhan at tawanan sa sala. Halatang nagkakasayahan ang lahat.

Nang makita si Clark ay lalong nagkagulo. Si Lorraine naman ay nasa sulok lang at naaaliw habang pinagmamasdan ang mga kapatid ni Clark na kumakantiyaw rito.

Pinagmasdan niya ang paligid. Maliit lang ang living room pero air-conditioned hindi gaya ng sa kanila. Sa isang gilid ay may mini-library. Kita niya pa ang mga nursing books at encyclopedia mula sa kanyang kinatatayuan dahil salamin ang pintuan ng silid. Nakasabit sa dingding ang mga graduation pictures ng magkakapatid.

“Ay, nga pala...” Sa wakas ay nakawala si Clark sa mga yakap at sakal ng mga kapatid at lumapit sa kanila. “Si Lorraine, kapatid ni Laiza.” Pinakilala nito sa kanya ang apat na kapatid, pati na rin ang asawa ng mga ito.

“Sa wakas, nakilala din kita. Tama nga ang s’abi ni Laiza. Maganda nga ang kapatid niya,” puri ni Kuya Edgar na pinagmasdan pa siya nang maigi.

Nahihiyang yumuko siya.

Siniko ito ng asawang si Grace. “Baka matakot si Lorraine sa titig mong ’yan,” nakatawang saway nito.

Nagtawanan ang lahat.

“Bakit di mo isinama si Laiza? Sabik pa naman akong makilala ’yun. Magpapasalamat lang kami. Nang dahil sa kanya, nakalimutan mo si—”

“Asan ba si Papa?” putol ni Clark sa gusto pa sanang sabihin ng kuya nito.

“Nasa kusina. Tinutulungan ang mama sa pag-aayos ng mga dadalhin ng pagkain.”

“Dadalhing pagkain? Bakit? May pupuntahan kayo? Akala ko ba, family gathering ’to?” kunot-noong tanong ni Clark.

“Family gathering nga. Napagkasunduan namin na sa beach house ng Tita Belen sa Ternate tayo mag-family gathering. Overnight. Minsan lang tayo makompleto kaya sulitin na natin, di ba?” sagot ng isa nitong hipag.

Biglang napabaling sa kanya si Clark; may pag-aalala sa mukha. “Okay lang ba sa ’yo?”

Nag-alala na rin si Lorraine. Isang araw lang ang ipinagpaalam niya sa boss niya. “Eh kasi—”

“Sige na, Lorraine. Minsan lang kasi kami magkakasama dahil na rin sa may sari-sarili nang pamilya at trabaho,” putol ng isang kuya ni Clark sa gusto niya sanang sabihin.

Nagdadalawang-isip pa rin siya. Napatingin siya sa magiging brother-in-law. Hindi niya makuha ang sinasabi ng mga mata nito. Para itong nakikiusap na nag-aalala rin sa kanya.

“O-okay lang,” narinig niyang sabi niya. Hindi niya alam kung bakit siya pumayag.

Natuwa ang lahat sa kanyang sagot. “Ayan! Huwag kang mag-alala. Bukas naman ng hapon ay uuwi rin tayo. Di rin naman kami puwedeng magtagal,” anang nakilala niyang si Kuya Marco.

Napatango na lang ang dalaga. May magagawa pa ba siya?

Bakit ba siya pumayag-payag sa hiling ng ate niya?

Pinagmamasdan ni Lorraine ang ibang pictures na naka-display sa sala nang may biglang humila sa blouse niya. Nakita niya ang isang batang babae na sa tingin niya ay hindi lalayo sa limang taong gulang.

Maputi at chubby ito. Mahahaba ang pilikmata nito at maninipis ang labi.

Wala na ang mga tao sa sala at pulos nasa kusina. Iniwan muna siya saglit ni Clark dahil inaayos nito ang mga damit na dadalhin nila sa Ternate. Wala siyang dalang damit kaya nagprisinta ang asawa ni Kuya Edgar na pahiramin siya.

Nakangiting umupo si Lorraine para magpantay ang mga paningin nila. Mahilig siya sa mga bata lalo na kung kasing-chubby at kasing-cute ng isang ito.

“Hi! What’s your name?” magiliw na tanong niya.

“I’m Chelsey. What about you?”

“Just call me ‘Tita Lorraine.’ ”

“Ikaw ba ang girlfriend ni Tito Clark?” nakangiting tanong ng paslit. Nakabestida ito na kulay dilaw na lalong nagpalutang sa maputing kutis nito.

“Hindi. Ako ang sister ng girlfriend ng Tito Clark mo,” nakangiting pagtatama niya dito.

Nanlaki ang mga mata nito. “Really? Why didn’t Tito tell me about it? He promised I’m going to be the prettiest flower girl pag ikinasal siya.”

Natawa si Lorraine sa ekspresyon sa mukha ng

bata. Mukhang dahil sa kanya ay magtatampo pa ang pamangkin ni Clark.

“Maybe he’s about to tell you. Just wait, baka mamaya sasabihin niya na sa ’yo.”

“Bakit ang s’abi sa ’kin ni Mommy kanina, dadalhin daw ngayon ni Tito Clark ang magiging girlfriend niya? She said it’s Lorraine. Lorraine din ba name ng sister mo? Puwede ba ’yun?” inosenteng tanong ng kausap.

Napakunot-noo siya.

“Chelsey...” narinig niyang tawag ni Clark. Nakatayo ito di-kalayuan sa kanya at nakapamulsa.

Lumingon ang bata rito.

“Your mommy’s looking for you. Go to her,” mahinahong utos nito. Nahihiyang sumunod naman dito ang bata.

Tumayo siya at hinintay na makalapit ang lalaki sa kanya. “Ano ’yung s’abi ng pamangkin mo?” Alam niyang narinig nito ang tanong ng bata sa kanya.

“Wala ’yun. S’abi kasi ni Kuya Marco kanina, hindi pa raw alam ni Ate Sonia na binabalak ko nang magpakasal. Baka naikuwento kay Chelsey na dadalhin ko ngayon si Laiza. Ang pagkakaalam kasi

ni Ate, nililigawan ko pa lang ang ate mo.”

Napatango na lang si Lorraine kahit pa maraming tanong ang gumugulo sa isip niya. Bakit parang siya ang itinuturing na girlfriend ng pamilya ni Clark at hindi ang ate niya? Idagdag pa ang sinabi ng Kuya Edgar nito kanina. Sa tingin niya, inaasahan din siya ng mga ito ngayong araw.

“Nagugutom ka na ba?” tanong nito sa kanya. “Medyo matatagalan pa’ng lunch natin, eh. Ang kalat pa ng dining area.”

Umiling si Lorraine.

“Kung nagugutom ka, sabihin mo lang ha?” Nakatitig ito sa kanyang mga mata.

Nag-tumbling na naman ang puso ng dalaga dahil sa titig na iyon. Nabaling ang isip niya sa ginawa nito at biglang nakalimutan ang mga pagdududa. Iyon na nga ba ang sinasabi niya kapag hinayaan niyang maging magkaibigan sila ni Clark. Unti-unti niyang nakikita ang ugali nito.